



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA – 05 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA – 12
SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO
04, 2025, IKA – 1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Municipal Vice Robert S. Quiatchon	- Tagapangulo
Konsehal Lucille T. Bacay	- Miyembro
Konsehal Marietta R. Pajila	- Miyembro
Konsehal David D. De La Cruz	- Miyembro
Konsehal Michael O. Pongyan	- Miyembro
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Miyembro
Konsehal Christopher Y. Carvajal	- Miyembro
Konsehal Gualberto V. Magno	- Miyembro
Konsehal Robert A. Baticos	- Miyembro
Konsehal Hermis S. Catapang	- Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal Sheikinah Grace C. Sanz	- Pangulo, MSKF

Hindi Nakadalo:

WALA

KAPASYAHAN BLG. 18
Taong 2025

KAPASYAHANG NAGPAPAHINTULOT KAY KGG. JERWIN S. DIMAPILIS, PUNONG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA PUMASOK SA KONTRATA NG SERBISYO (CONTRACT OF SERVICE) PARA SA DALAWAMPU'T LIMA (25) NA KATAO NA ITATALAGA AYON SA KANILANG KAUKULANG LARANGAN NG KASANAYAN AT PAGPAPAHAYAG NG PAG-SANG-AYON SA KANILANG MGA PAGKAKATALAGA

SAPAGKAT, kinikilala ng Pamahalaang Bayan ng Roxas ang pangangailangan nito na magkaroon ng sapat at kwalipikadong empleyado upang maisakatuparan ang mga programa, proyekto, at serbisyo para sa kapakanan ng mga mamamayan;

SAPAGKAT, ang pagkuha ng mga empleyado sa ilalim ng isang Kontrata ng Serbisyo (Contract of Service) ay isang mabisang paraan upang punan ang mga pangangailangan ng iba't ibang opisina at departamento, batay sa kanilang larangan ng kasanayan at tungkulin;

SAPAGKAT, mayroong dalawampu't anim (26) na indibidwal na kwalipikado at may sapat na kaalaman at kasanayan sa kani-kanilang larangan na kinakailangang kunin sa ilalim ng Kontrata ng Serbisyo;

SAPAGKAT, naaayon sa Batas Republika Blg. 7160, o ang Local Government Code of 1991, ang Sangguniang Bayan ay may kapangyarihang magbigay pahintulot sa Punong Bayan na makapasok sa mga kontrata para sa kapakanan ng munisipalidad;

ROBERT S. QUIATCHON

FERDINAND V. TALENS, MPA

SAPAGKAT, na ang mga termino at kondisyon ng Kontrata ng Serbisyo ay dapat naaayon sa mga umiiral na batas, alituntunin, at regulasyon ng Civil Service Commission (CSC) at Commission on Audit (COA).

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kgg. King Philip S. Dimapilis at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na bigyang pahintulot si Kgg. Jerwin S. Dimapilis, Punong Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro, na pumasok sa Kontrata ng Serbisyo sa dalawampu't lima (25) na katao na itatalaga ayon sa kani-kanilang larangan ng kasanayan, at pagtibayin ang pagkakatalaga sa mga sumusunod na kawani:

- | | | |
|--------------------------------|---|---|
| a. Johnell C. Siñel | - | Municipal Administrator/Consultant on Tourism and Cultural Development |
| b. Lee A. Manalaysay | - | Land Titling Officer |
| c. Nita B. Fallaria | - | Consultant on Archiving Historical Memorabilia and Municipal Librarian |
| d. Cecilia C. Cervatos | - | Executive Secretary |
| e. Joseph Pornel | - | Consultant on Environmental Protection |
| f. Aerone Joshua M. Morente | - | Agricultural and Biosystems Engineer |
| g. Juan S. Advincula | - | Consultant on Public Transportation Management |
| h. Gemar Montesa | - | Consultant on Public Relations and Information |
| i. Juana Morota | - | OSCA Head |
| j. Porferio C. Guro | - | Consultant on Moral Recovery Program |
| k. Dr. Rainier John Buensalida | - | Consultant on Health and Nutrition Program |
| l. John Paul V. Dimatulac | - | IT Support Specialist |
| m. Marvin Miñano | - | Social Service Coordinator |
| n. Irma Viray | - | Livelihood Development Program Focal Person |
| o. Rychll Faith Montesa | - | GAD Focal Person |
| p. Genlour H. Gonzales | - | SMAW/GTAW (Shielded Metal Arc Welding NCI, NCII, GAS Tungsten Arc Welding NCII) Trainer |
| q. Neil Andrew B. Molinar | - | Engineer I |
| r. Ann Jessica A. Labis | - | Tax Mapper |
| s. Ma. Teresa S. Fajiculay | - | Special Assistant on Agriculture Program |
| t. Lyka Fiedacan | - | Special Assistant on Agriculture Program |
| u. Engr. Jay-ar V. Calaton | - | Engineering Assistant |
| v. Mark Lowell T. Garcia | - | Draftsman |
| w. Engr. Queen Alyssa Alvairra | - | Engineering Assistant |
| x. Sheena Marie C. Ibabao | - | Technical Assistant for Construction and Project Monitoring |
| y. Marlon M. Malunes | - | Mechanic/Monitoring |


ROBERT S. QUITCHON


FERDINAND V. TALENS, MPA

IPINASYA RIN, na bigyang pahintulot si Kgg. Robert S. Quiatchon, Pangalawang Punong Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro, na pumasok sa Kontrata ng Serbisyo kay Atty. Maria Celina M. Talens, Consultant on Legislative Matters para sa Tanggapan ng Sangguniang Bayan;


SA HULI, IPINASYA, na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa tanggapan ni Kgg. Jerwin S. Dimapilis, Kgg. Robert S. Quiatchon at sa lahat ng kinaauukulang tanggapan para sa kanilang kaalaman at nararapat na aksyon.

Pinagtibay: 04 Agosto 2025


PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:


ROBERT S. QUIATCHON
Tagapangulo




AGNES B. ANTARAN
8/5/2025


8/5/2025
1:40 pm